

Buod na Nakasaad sa Simpleng Wika ng Stanford Health Care Patakaran sa Tulong Pinansyal

Pagkuha ng Tulong sa Iyong Bill

Para ito sa sinumang nakakatanggap ng mga serbisyong kinakailangan sa paggamot mula sa Stanford Health Care.

Ang Buod na Nakasaad sa Simpleng Wika, Patakaran sa Tulong Pinansyal, at Aplikasyon sa Tulong Pinansyal para sa pagkuha ng tulong sa iyong bill ay available sa mga sumusunod na wika: Ingles, Chinese, Russian, Spanish, Tagalog, at Vietnamese. Tutulungan ka rin namin sa pagsasalin sa iba pang wika.

Paano Ako Magiging Kwalipikado para sa Tulong Pinansyal?

Nakatuon ang Stanford Health Care sa pagbibigay ng tulong pinansyal sa mga kwalipikadong pasyente na mababa ang kita at pasyenteng may insurance na nag-aatas sa pasyente na magbayad ng malaking bahagi ng kanilang pangangalaga.

Maaari ka ring humingi ng tulong sa iyong bill anumang oras sa panahon ng iyong pagpapatingin o proseso ng pagsingil. Sa panahon ng pagproseso sa aplikasyon hihilingin sa iyong magbigay ka ng impormasyon tungkol sa bilang ng mga tao sa iyong pamilya, sa buwanang kita mo, at iba pang impormasyong makakatulong sa ospital na matukoy ang inyong pagiging kwalipikado sa Tulong Pinansyal. Maaaring hilingin sa iyong magbigay ng stub ng bayad o mga tala ng buwis para matulungan ang Stanford Health Care sa pagpapatunay sa iyong kita.

Kung ang iyong taunang kita ay mas mababa sa o katumbas ng 400% ng kasalukuyang Federal Poverty Guideline, maaaring hindi mo na kailangang bayaran ang iyong bill. Responsibilidad mo ang pagbibigay ng kinakailangang impormasyon nang napapanahon.

Makikita ang Mga Alituntunin ng Pederal Kaugnay ng Kahirapan (Federal Poverty Guidelines) sa: <https://aspe.hhs.gov/poverty-guidelines>

Pagkatapos mong isumite ang aplikasyon, susuriin ng ospital ang impormasyon at aabisuhan ka sa pamamagitan ng sulat kaugnay ng iyong pagiging kwalipikado.

Paano Ako Mag-a-apply para sa Tulong Pinansyal?

Para makakuha ng libreng kopya ng Aplikasyon sa Tulong Pinansyal ng Stanford Health Care, Patakaran sa Tulong Pinansyal, o ng Buod na Nakasaad sa Simpleng Wikang ito, mangyaring pumunta sa:

www.stanfordhealthcare.org/financialassistance

Maaari kang mag-apply para sa tulong sa iyong bill nang personal, sa pamamagitan ng koreo, o online. Maaari kang humiling ng tulong sa pagproseso at pagkuha ng aplikasyon o humiling ng ipinapadalang aplikasyon, buod na nakasaad sa simpleng wika o kopya ng Patakaran sa Tulong Pinansyal sa 2465 Faber Place, Palo Alto, CA, sa pamamagitan ng pagtawag sa amin sa 1-800-549-3720, o saanmang lokasyon ng Stanford Health Care. Sa ilang sitwasyon, maaari kang makakuha ng tulong mula sa Stanford Health Care nang hindi nag-a-apply.

Pangangalagang Pang-emergency at Kinakailangan sa Paggamot

Kung kwalipikado ka para sa tulong sa iyong bill, hindi ka na sisingilin para sa pangangalagang pang-emergency at kinakailangan sa paggamot ng mas malaki sa mga halagang karaniwang sinisingil sa mga pasyenteng may insurance sa ilalim ng Medicare.

Mga Aktibidad sa Paniningil

Maaari ka o ang guarantor na mag-apply para makakuha ng tulong sa iyong bill anumang oras sa panahon ng proseso ng paniningil sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Departamento ng Serbisyo sa Customer sa 1-800-549-3720.

Maaaring gumamit ng makatwirang pagsusumikap sa paniningil ang Stanford Health Care para makahingi ng pagbabayad sa mga pasyente. Kabilang sa mga karaniwang aktibidad sa paniningil ang paglalabas ng mga pahayag ng pasyente, tawag sa telepono, at referral ng mga pahayag na ipinadala sa pasyente o guarantor. Ang mga bill na hindi pa nabayaran 120 araw pagkatapos ng unang petsa ng pagsingil ay maaaring padaanin sa ahensyang naniningil. Hindi magsasagawa ang Stanford Health Care o mga ahensyang naniningil ng anumang gawain ng pambihirang paniningil (gaya ng inilalarawan sa Patakaran sa Paniningil sa Utang ng SHC).

Makukuha ang mga kopya ng Patakaran sa Paniningil sa Utang ng SHC nang libre sa website sa pagsingil ng Stanford Health Care sa www.stanfordhealthcare.org/financialassistance.